



**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
DILIMAN QUEZON CITY**

VOIP TRUNKLINE: 981-8500 LOCAL: 2558, 2556
DIRECT LINE: (632) 929-5401, (632) 927-1835
FAX: (632) 928-2863
E-MAIL: chancellor.updiliman@up.edu.ph

OFFICE OF THE CHANCELLOR

Ika- 27 ng Oktubre 2020

MEMORANDUM NO. FRN-20-057

Para Sa : Mga Dekano, Direktor, Kalihim ng Kolehiyo, Pinuno ng Yunit,
Guro at Kawani, Tagapangulo ng Sangguniang Mag-aaral,
Pinuno ng mga Samahang Pangmag-aaral

Paksa : **2020 Year-End Program Activities**

Pagbati sa lahat!

Hindi naging hadlang ang kasalukuyang pandemya para maipagpatuloy natin ang mga tradisyunal na taunang selebrasyon ng Unibersidad. Gamit ang teknolohiya, maisasakatuparan ang mga inihandang programa sa pamamagitan ng malikhaing imahinasyon ng mga mag-aaral, kawani at faculty, na isinasaalang-alang ang parehong kasiyahan at kaligtasan ng madla at mga tagapagganap.

Ang pamamaraan ng pinagsamang "live" at "virtual" na pagdiriwang ay nagbibigay ng koneksyon sa komunidad dahil nakatuon ang atensyon ng lahat sa iisang adhikain – na mapagtagumpayan ang krisis sa pampublikong kalusugan at maibsan ang lumbay dulot ng pagkakalayo-layo ng mga miyembro ng komunidad. Sa pamamaraan ng ganitong programa ay mapapanatili pa din ang patuloy na kaligtasan sa panahon ng pandemya.

Ngayong taon, ipagdiriwang natin ang 2020 Year-End Program na may temang "Abot-Kamay, Abot-Tanaw: Sulong sa bago at mas mainam na bukas". Hindi biro ang dinanas natin sa taong ito. Ang ating katatagan ay sinubok ng iba't ibang hamon at anumang sulok ng bansa at ng daigdig ay nasadlak sa kahirapan, kawalang-katiyakan, at ligalig. Sa gitna ng pusikit na yugtong ito sa kasaysayan ng sangkatauhan, sumisirit ang liwanag ng pagdadamayan sa komunidad ng UP Diliman. Saksi tayo sa kabayanihan at pagmalasakit ng bawat isa upang makatuklas ng mga pamamaraan upang malunasan ang suliraning dulot ng pandemya, makisangkot sa gawaing pangkawanggawa para sa mga naapektuhan ng pagbagsak ng ekonomiya, at marubdob na manawagan para sa tunay na pagbabago alang-alang sa ikabubuti ng bayan.

Sa gitna ng mga pagsubok na pinagdaraan natin sa kasalukuyan, pinatatatag at pinalalakas tayo ng matibay na pag-asa sa hinaharap. Hindi tayo nagpapalupig at nagpapasaklob sa kadiliman dulot ng iba't ibang krisis; bagkus ay nakapako ang ating paningin sa maliwanag na bukas sa ating abot-tanaw. Ito ang ating pangarap: ang muling makabalik sa ating Unibersidad tangan ang higit pang matibay na paninindigang mapagbuti at mapaglingkuran ang sambayanan.


Malugod kong ibinabahagi sa inyo ang mga paghahanda para sa kakaibang pagkakadiseno ng tatlong pangunahing mga aktibidad ngayon taon:

1. Pag-iilaw Para sa Pasko 2020: Nobyembre, 27, Biyernes, 6:00 - 7:30 ng gabi, University Avenue. Ang seremonya ng Paskong Pag-iilaw ay ang hudyat ng pormal na pagsalubong sa taunang pagdiriwang ng Kapaskuhan sa UP Diliman. Isa itong community affair ng Unibersidad na nakalubog sa adhikaing mapagsama-sama ang mga miyembro nito, di man pisikal, lalo pa sa panahong kailangan natin ng kalinga ng bawat isa.
2. Open Mic sa UP Diliman: Video recording ng mga kanta ng ilang mga samahang mag-aaral ay istream sa dawalang araw sa pagitan ng Pag-iilaw at Parada ng mga Parol (Noyembre 29, Disyembre 6 o 13). Magpapaabot ang Tanggapan ng Bise Tsanselor para sa Usaping Pangmag-aaral ng pinal na petsa at oras.
3. Ang Parada at Paligsahan ng mga Parol: Disyembre 18, Biyernes, ika-5.00 ng hapon hanggang ika-6:30 ng gabi, Quezon Hall. Ito ay ang taunang tradisyon ng Unibersidad kung saan ang iba't ibang mga kolehiyo at mga organisasyon ay naghahanda ng kanilang mga parol na naaayon sa tema sa taong ito.

Ang Year-ender Program Committee ay maglalabas ng hiwalay at iba pang detalye ng programa sa susunod na mga araw.

Para sa mga katanungan, maaaring mag-email sa Tanggapan ng Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad (ovcca.updiliman@up.edu.ph) o sa Tanggapan ng Bise Tsanselor Para sa Usaping Pangmag-aaral (ovcsa.upd@up.edu.ph).

Maraming salamat.


FIDEL R. NEMENZO, DSc.
Tsanselor

Binigyang Sipì: 2020 Year-end Program Committee